

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
www.philrice.gov.ph | www.pinoyrkb.com | www.openacademy.ph

PalayCheck[®]

Ito ay mabisang sistema ng pamamahala ng palay na nagpapakita ng pinakamagandang teknolohiya bilang **Key Check**; nagkukumpara sa pinakamagandang pamamaraan ng pagpapalay sa kasalukuyang pamamaraan ng magsasaka; at natututo sa pamamagitan ng sama-samang diskusyon ng mga magsasaka upang mapanatili ang mataas na ani, kita, at ligtas na kapaligiran.

Key Check 4



May sapat na dami ng malulusog na punla

Ang pagkakaroon ng sapat na dami ng malulusog na punla ay nagdudulot ng:

- sapat na dami ng binhing mataas ang kalidad;
- paglilipat-tanim ng tamang dami ng punla;

- tama at napapanahong pagbibigay ng angkop at sapat na dami ng sustansya sa palay;
- magandang palyo o canopy kung saan mas napapakinabangan ang photosynthesis at mas nalalabanan ang mga damo; at
- nakakabuo ng matitibay na ugat na nagpapahusay sa kakayahang kumuha ng sustansya mula sa lupa.

Pagtataya ng Key Check

Lipat-tanim. Ang kailangang dami ng binhing palay para sa inbred ay 20-40 kilo kada ektarya at 15-20 kilo kada ektarya naman para sa hybrid. Pagkatapos ng paghuhulip sa loob ng 7 araw mula sa pagkakatanim, siyasatin ang kalagayan ng mga tanim 10 araw pagkalipat-tanim. Dapat may 25 tundos o higit pa sa kada metro kwadrado (m²) ng palayan.

Pasumalang pumili (random) ng 3 lugar sa bukid na may direksyong pahilis kung saan kukuha ng sampol. Ang lugar ng sampol ay dapat na hindi bababa sa 1 metro ang layo mula sa gilid ng pilapil.

Bilangin ang buhay na tundos kada m² sa pamamagitan ng isang 1 m x 1 m na parisukat. Pagsamahin lahat ang bilang ng tundos sa 3 lugar at hatiin sa 3 para makuha ang pangkaraniwang bilang ng tundos kada m².

Sabog-tanim. Labinlimang araw pagkasabog ng pinasibol na binhi, ang bawat ektarya na may 40 kilong binhi ay dapat may punlang hindi bababa sa 150 kada m² samantalang ang may binhing 80 kilo ay dapat may punlang hindi dapat bababa sa 300 kada m².

Gumamit ng 1 m x 1 m parisukat upang malaman ang dami ng halaman kada m². Pasumalang pumili (random) ng 3 lugar sa bukid sa direksyong palihis kung saan magmumula ang sampol. Ang bawat pagkukunan ng sampol o 1 m² na lugar ay hindi dapat bababa ng 1 metro ang layo sa gilid ng pilapil.

Bilangin ang buhay na tundos kada m² sa pamamagitan ng isang 1 m x 1 m parisukat. Pagsamahin lahat ang bilang ng halaman sa 3 lugar at hatiin sa 3 para makuha ang pangkaraniwang bilang nito.

Sa kada pinitak ng palayang lipat-tanim o sabog-tanim, pumili ng 10 tundos nang walang kinikilingan. Ang bawat tundos ay dapat may isa o higit pa na malusog na punla. Ang isang malusog na punla ay berde, maganda ang paglaki, at walang sakit o peste.

Mga Rekomendasyon upang makamit ang Key Check

| Uri ng binhi | Dami ng buto kilo/ektarya | Laki ng punlaan (metro kuwadrado) | Gulang ng binhi (araw) | Bilang ng binhi (bawat tundos) | Agwat ng tanim (sentimetro x sentimetro) |
|--------------|---------------------------|-----------------------------------|------------------------|--------------------------------|--|
| Inbred | 20-40 | 400 | 20-25 | 2-3 | 20 x 20 WS 20 x 15 DS |
| Hybrid | 15-20 | 400 | 20-25 | 1-2 | 20 x 20 WS 20 x 15 DS |